## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Anong salita ang madalas na ginagamit mo sa pakikipag-usap? Alam mo ba kung gaano karami ang mga sagot ng iba't ibang Pilipino kapag tinatanong nito? Ang mga Pilipino ay nagsasalita ng iba't ibang wika at diyalekto. Sa katunayan, may daan-daang wika at libu-libong diyalekto ang ginagamit sa ating bansa.

Alam mo ba kung paano nag-uusap ang iba't ibang Pilipino mula sa iba't ibang bahagi ng bansa na nagsasalita ng iba't ibang wika at diyalekto? Kung ikaw ay taga-Cebu, paano kang makikipag-usap, makikipagkaibigan, o makikipagkasundo sa negosyo sa isang taga-Bulacan? Para maging madali ito, kailangang matuto ka ng isang salitang pangkalahatan. Ito ang tinatawag na **wikang pambansa.**

Mahalaga ang wikang pambansa sa isang bansang katulad ng Pilipinas. Pero paano naman ang lokal na diyalekto na ginagamit mo sa pakikipag-usap sa iyong kamag-anak, kapitbahay, at kaibigan? Dapat bang kalimutan mo ito para sa Filipino, ang wika pambansa ng Pilipinas? Paano naman ang Ingles, na ginagamit natin sa mga opisyal na gawain o sa pangangalakal o pagnenegosyo? Kalilimutan na rin ba natin ito? Pag-uusapan natin ang lahat ng mahahalagang bagay na ito sa modyul na ito, pati na ang iba pang bagay tungkol sa pagpili at paggamit ng ating wikang pambansa.

Ang modyul na ito ay binubuo ng apat na aralin:

Aralin 1 – *Para Saan ang Wikang Pambansa?*

Aralin 2 – *Bakit Filipino?*

Aralin 3 – *Nagsasalita ng Filipino ang mga Pilipino*

Aralin 4 – *Ang mga Pilipino ay Gumagamit Din ng Iba't iIbang salita at Diyalekto*

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, dapat ay makakayanan mo nang:

- Ipaliwanag ang kahalagahan ng wikang pambansa sa isang bansang katulad ng Pilipinas;
- Talakayin ang pagpili at pagpapaunlad ng Filipino bilang ating wikang pambansa; at
- Ipaliwanag ang kahalagahan ng Ingles at ng mga lokal na diyalekto.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulan ang pag-aaral ng modyul na ito, sagutin muna ang mga sumusunod upang malaman kung hanggang saan na ang iyong nalalaman sa paksang ito.

A. Isulat ang **T** sa guhit kung ang pangungusap ay totoo, at isulat ang **H** kung hindi.

_____ 1. Ang ating wikang pambansa ay nakabatay sa Ingles at naglalaman ng mga elementong mula sa iba't ibang dayuhan at mga lokal na diyalekto.

_____ 2. Sa kasalukuyan, ang Filipino at Ingles ay ginagamit bilang salitang panturo sa mga paaralan sa Pilipinas.

_____ 3. Ang Filipino ay kapareho ng Tagalog.

_____ 4. Dapat na palitan ng wikang pambansa ang mga lokal na salita at diyalekto na ginagamit sa Pilipinas.

_____ 5. Hindi na kailangang gamitin ng mga Pilipino ang Ingles dahil mayroon na tayong wikang pambansa.

B. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Pinagtibay na batayan ng ating wikang pambansa ang Tagalog dahil

   a. ito ang salitang ginagamit sa Maynila, ang punong-lungsod.
   b. ito ay mas mabuti kaysa Ingles at Espanyol, na mga dayuhang salita
   c. karamihan sa mga hukom na nasa Asembliyang nagpatibay sa ating wikang pambansa ay mga Tagalog
   d. ito ang salitang ginagamit ni Pangulong Quezon

2. Mas mabuting

   a. gamitin ang Filipino bilang tanging paraan ng pakikipag-usap sa buong bansa
   b. gamitin ang Filipino o Ingles ayon sa pangangailangan
   c. gamitin ang Ingles lamang
   d. huwag gamitin ang Ingles o Filipino

3. Sino ang itinuturing na Ama ng Wikang Pambansa?

   a. Francisco Balagtas
   b. Jose Rizal
   c. Manuel L. Quezon
   d. Jose Palma

4. Mahalagang magkaroon ng wikang pambansa dahil ito ay

    a. nagpapaunlad ng pagkatuto sa pamamagitan ng interaksyon ng guro at mag-aaral
    b. nagbibigay-daan sa epektibong pagpapalitan ng mga kaisipan at impormasyon
    c. nagbibigay-daan upang magkaroon ng interaksyon ang mga ito
    d. lahat ng ito

5. Ang iyong lokal na diyalekto ay ________________________ Ingles at Filipino.

    a. di gaanong singhalaga ng
    b. mas mahalaga kaysa
    c. singhalaga ng
    d. dapat mapalitan ng

Sa palagay mo ba tama ang pagsagot mo? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 54 upang malaman mo.

Kung lahat ng iyong mga sagot ay tama, magaling! Nagpapakita ito na marami kang alam sa mga paksa sa modyul na ito. Pero, kailangan mo pa ring pag-aralan ang modyul na ito upang mapagbalik-aralan mo ang mga alam mo na. Maaaring matuto ka pa ng mga bagong kaalaman.

Kung mababa ang iyong nakuha, huwag mag-alala. Ang modyul na ito ay para sa iyo. Matutulungan ka nitong maintindihan ang mga mahahalagang konsepto na maisasabuhay mo sa araw-araw. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul, malalaman mo ang mga sagot sa pagsubok. Nakahanda ka na ba?

Maaari mo nang umpisahan ang Aralin 1.

# Para Saan ang Wikang Pambansa?

Gaano kahalaga ang wikang pambansa? Sa isang arkipelagong bansang katulad ng Pilipinas na binubuo ng mga 7,107 pulo kung saan maraming iba't ibang salita at diyalekto ang ginagamit, ito ay tunay na mahalaga!

Sa araling ito, tatalakayin natin ang mga nagagawa ng isang wikang pambansa. Pagkatapos pag-aralan ito, dapat ay madali mo nang natutukoy ang kahalagahan ng wikang pambansa sa pag-unlad na sosyal, kultural, at pang-ekonomiya ng bansa. Dapat ay nasasabi mo na kung gayon kung bakit ang bawat Pilipino ay dapat matutong magsalita ng ating wikang pambansa.

## Awitin Natin

Alam mo ba ang awit na ito? Ito ay kinatha ni Florante. Subukang awitin ito.

***Ako'y Isang Pinoy***

*Ako'y isang Pinoy, sa puso't diwa,*
*Pinoy na isinilang sa ating bansa.*
*Ako'y hindi sanay sa wika ng mga banyaga.*
*Ako'y Pinoy na mayroong sariling wika.*

*Wikang pambansa ang tangi kong salita.*
*Bayan kong sinilangan*
*Hangad kong lagi ang kalayaan.*

*Si Gat Jose Rizal noo'y nagwika.*
*Siya ay nagpangaral sa ating bansa:*
*Ang hindi marunong magmahal sa sariling wika*
*Ay higit pa ang amoy sa mabahong isda.*

Ano ang iyong naramdaman matapos kantahin ang awit? Naintindihan mo ba ang ibig sabihin nito? Isulat ang iyong mga kaisipan tungkol sa paksa ng awit sa mga guhit sa ibaba.

______________________________________________


______________________________________________


______________________________________________


Isinulat ito sa Filipino, ang ating wikang pambansa. Isinasaad nito na ang paggamit at pagmamalaki sa ating pambansang wika ay isang paraan ng pagpapakita ng ating pagmamahal sa ating bayan.

Halos lahat ng mga bansa ay may wikang pambansa. Gusto mo bang alamin kung bakit? Basahing mabuti ang modyul na ito upang matutunan ang lahat tungkol sa kahalagahan ng pambansang wika sa isang bansa at sa mga tao.


## Basahin Natin Ito









Magandang umaga. Gusto mo ba ng mangga?
Salamat, Minda.
Ito si Minda. Siya ay taga-Batangas at ang salita niya ay Tagalog.

Si Amy ay tubong Ilocos Sur. Ilokano ang kanyang salita. Mahilig siyang magluto ng papaitan, isang espesyal na lutong Ilokano. Ang kanyang kasama sa kuwarto na si Lila ay mula sa Bicol at nagsasalita ng Bikolano. Mahilig siyang magluto ng mga maaanghang na pagkaing katulad ng Bicol express at laing. Ang dalawang ito ay matalik na magkaibigan.

Ito ang kuwarto bilang 4. Ang tatlong babaeng namamalagi rito ay gumagamit ng iba't ibang salita. Si Karina ay mula sa Marawi at nagsasalita ng Maranaw. Si Leslie na tubong Samar ay nagsasalita ng Waray. Si Ana naman, na galing ng Pampanga, ay nagsasalita ng Kapampangan. Mahilig magkuwento tungkol sa multo ang tatlong ito tuwing gabi.







## Subukan Natin Ito

Nasiyahan ka ba sa pagbabasa tungkol kay Nena at sa kanyang mga kaibigan? Sagutin ang mga tanong sa ibaba para malaman kung gaano na ang iyong naintindihan.

1. Ang mga babae sa bahay-pangaserahan ay nanggaling sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Masasabi mo ba ang pangalan ng bawat babae at ang probinsiyang kanyang pinanggalingan at salitang ginagamit nito?

| PANGALAN NG BABAE | PROBINSIYA | SALITA |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |
| 6. | | |
| 7. | | |

2. Subukan mong sagutin ang tanong ni Nena: Paano nagkakausap ang mga babae sa bahay-pangaserahan at paano nila naiintindihan ang isa't isa kung ang salitang kanilang ginagamit ay iba't iba? Isulat ang iyong sagot sa ibaba.

    ______________________________________________

    ______________________________________________

    ______________________________________________

    ______________________________________________

3. Isipin mong ang bahay-pangaserahan ay ang Pilipinas at ang mga babaeng nakatira rito ay ang mga pangkat ng mga tao mula sa iba't ibang rehiyon ng bansa. Ano ang magagawa ng isang wikang pambansa para sa mga Pilipino?


    ______________________________________________

    ______________________________________________

    ______________________________________________

    ______________________________________________

Ngayon tingnan mo ang sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 55 at ihambing ang iyong mga sagot doon.



## Alamin Natin

Alam mo bang tayong mga Pilipino ay tunay na gumagamit ng daan-daang salita? Sa mga ito, walo ang tinatawag na katutubong wika o pangunahing wika: Ilokano, Pangasinan, Pampango, Tagalog, Bicol, Cebuano, Hiligaynon, at Waray-Samarnon. Mayroong daan-daang diyalektong ginagamit sa iba't ibang lugar sa bansa.

Alam mo ba kung paano nagkaiba ang wika at ang diyalekto? **Ang wika** ay isang sistema ng pakikipagtalastasan na ginagamit ng malaking bilang ng mga tao. Halimbawa, maraming taga-Visayas ang nagsasalita ng Cebuano pero dahil kabilang sila sa iba't ibang pangkat na naninirahan sa iba't ibang rehiyon sa Visayas, ang iba sa kanila ay nakapagpaunlad na ng ibang paraan ng pagsasalita ng Cebuano. Maaaring napalitan nang bahagya ang ibang salita, o kaya ang pagsasabi nito ay nagbago na. Ang kaibang paraan na ito ng pagsasalita ng isang wika ay tinatawag na diyalekto. Ang diyalekto ay ginagamit ng maliit na bilang ng mga tao. Karamihan sa mga taong nagsasalita ng iba't ibang **diyalekto** ng iisang salita ay nagkakaintindihan, ngunit meron din namang hindi.

Naiisip mo ba na mahirap magkaintindihan ang mga Pilipino na may iba't bang salita at diyalekto kung wala tayong iisang wikang ginagamit? At ano ang mangyayari kung hindi tayo makakapag-usap? Hindi kaya dumami ang mga magkakaaway dahil sa di-pagkakaunawaan? Anong bahagi ng ating buhay ang maaapektuhan kung hindi tayo makikipag-usap nang maayos sa isa't isa?

Ang mga sumusunod ay mga aspeto ng ating buhay na naaapektuhan ng komunikasyon:

1. **Personal na komunikasyon**—Anong salita ang iyong ginagamit kapag nakikipag-usap sa iyong mga kapamilya, kaibigan, o kamag-anak? Gumagamit ka ba ng salitang naiintindihan ng lahat? Mayroon ka bang kamag-anak na nakatira sa ibang probinsiya at gumagamit ng ibang salita? Paano mong sasabihin ang iyong mga opinyon at damdamin sa kanya kung hindi kayo gumagamit ng iisang salita?

2. **Edukasyon—**Paano makakapagturo nang maayos ang isang guro sa mga mag-aaral kung magkaiba ang ginagamit nilang salita? Naiisip mo ba ang isang gurong nagsasalita ng Ilonggo na nagtuturo sa isang mag-aaral na ang salitang ginagamit ay Ilokano? Nakapagpapaunlad ng pagkatuto ang wikang pambansa. Tagumpay ang palitan ng impormasyon at ang interaksyon ng mag-aaral at guro kung ang mga ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng pambansang wika.

3. **Palitan ng impormasyon—**Nakikipag-usap tayo sa ibang tao upang makipagpalitan ng impormasyon. Paano kung ang impormasyong ibinibigay sa atin ay nasusulat sa salitang hindi natin naiintindihan? Kung ganon, hindi epektibo ang pagpapalitan ng impormasyon.

4. **Pagpaplano at pagbuo ng desisyon**—Kung ikaw man ay kabilang sa isang mag-anak, pangkat, o pamayanan na nagpaplano o bumubuo ng desisyon, mas makabubuti kung may pagkakaunawaan sa mga miyembro. Mas magkakaroon ng pagkakaintindihan kung ang mga tao ay gumagamit ng iisang salita.

5. **Pagtutulungan ng magkakasama o *teamwork***—Sa pagbuo ng isang bagay, halimbawa ay isang bahay, ang lahat ng mga manggagawa o karpintero ay kinakailangang gumawa nang sama-sama at tulung-tulong upang makagawa ng di-kalidad na tirahan. Ano ang mangyayari kung ang isa ay nagdesisyon na ilagay ang kusina sa lugar kung saan ilalagay sana ng isa pa ang paliguan? Pagsisimulan ito ng problema. Ang pagbubuo ng bahay o ng kahit na ano ay magagawa lamang kung may pagkakaunawaan ang mga miyembro ng isang pangkat. Mangyayari ito kung makapag-uusap sila nang maayos.

6. **Pakikilahok sa pamayanan**—Makapagbibigay ng sariling opinyon ang bawat miyembro ng pamayanan sa pamamagitan ng wikang pambansa. Dahil nasasabi ng mga miyembro ng pamayanan ang kanilang mga ideya at opinyon, nagkakaroon ng pagkakaunawaan ang lahat at sila ay nagkakaisa.

7. **Sistemang legal**—Mahalaga na ang mga batas at mga patakaran o tuntunin ay nasusulat sa iisang wikang naiintindihan ng lahat. Maiiwasan ang kaguluhan sa ganitong paraan. Paano mong susundin ang isang batas kung hindi mo ito naiintindihan?

Ang wika ang siyang ginagamit upang makapagsabi ng mga opinyon at damdamin at makapagbigay ng mga impormasyon. Kung walang wikang pambansa, ang iba't ibang pangkat-etniko sa Pilipinas ay hindi magkakaintindihan at hindi makapagpapalitan ng mga opinyon at damdamin ang mga tao. Kung walang wikang pambansa, wala ring komunikasyon at pagkatuto, at wala ring pagkakaisa ang mga tao.



## Subukan Natin Ito

Tukuyin ang aspeto ng buhay ng tao na naaapektuhan ng wika sa ibaba.

________________ 1. Pinilit ni Lina na kausapin ang kanyang lolong Ilokano pero hindi niya maintindihan ang sinasabi nito.

________________ 2. Lumipat si Perla sa paaralan sa Cebu. Nalilito siya sa sinasabi ng kanyang guro dahil ang ginagamit nito sa pagtuturo ay Cebuano.

______________ 3. Isang mangangalakal sa Pangasinan si Mang Ramon. Nagtungo siya sa Bacolod upang dumalo sa isang seminar tungkol sa mga bagong uri ng mangga. Sa kanyang pagkagulat at pagkalito ang lahat ng mga ispiker ay nagsalita sa Ilonggo, isang salitang hindi niya naiintindihan.

______________ 4. Sa isang seminar na dinaluhan ni Fe, ang mga kalahok ay pinagpangkat-pangkat at binigyan ng iisang gawain. Nang makita niya ang kanyang pangkat, nalaman niyang ang lahat ng mga miyembro ay galing sa iba't ibang rehiyon sa Pilipinas at iba't iba ang kanilang mga salitang ginagamit. Problema nila ngayon kung paano sila gagawa nang sama-sama.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 55.

Upang lalong maintindihan kung paano naaapektuhan ng pagkakaiba ng mga salita ang buhay ng mga tao, basahin ang komik istrip sa ibaba.

## Basahin Natin Ito

Isang araw nakatanggap ng tawag si Marie mula sa kanyang tiyuhin na nakatira sa kapampangan. Nanirahan na ang kanyang tiyuhin sa lugar na iyon mula nang ito ay limang taong gulang pa lamang at ngayon ay Pampango na ang kanyang salita. Dahil sa balisang tinig ng tiyuhin, alam ni Marie na may nangyaring masama ngunit hindi niya maintindihan ang Kapampangan dahil lumaki siya sa Maynila. Alamin natin ang nangyari.








## Pag-isipan Natin Ito

Ano ang iyong gagawin kung ikaw si Marie? Ano ang iyong susunod na sasabihin?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Tingnan natin kung ano ang ginawa ni Marie upang malutas ang problema.

Ano ang sinabi ni Marie sa kanyang balisang tiyuhin?






Agad na nadala sa ospital ang lola ni Marie at naligtas ito sa kapahamakan. Ano kaya ang nangyari kung walang salitang naiintindihan pareho ni Marie at ng kanyang tiyuhin?

Ipinapakita ng kuwento kung gaano kahalaga ang wikang pambansa hindi lamang para sa ating bansa kundi pati na rin sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.



## Pag-isipan Natin Ito

1. Masasabi mo ba kung paano makatutulong sa ating bansa ang pagkakaroon ng wikang pambansa kung ang pag-uusapan ay ang pagpapatakbo ng pamahalaan sa ating bansa at paano nakakasali ang mga tao rito?

 ______________________________________________________________

 ______________________________________________________________

 ______________________________________________________________

2. Paano maaapektuhan ng pagkakaroon ng wikang pambansa ang ating ekonomiya?

 ______________________________________________________________

 ______________________________________________________________

 ______________________________________________________________

3. Paano maaapektuhan ng pagkakaroon ng wikang pambansa ang sosyal at kultural na pag-unlad ng ating bansa?

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa mga sumusunod:

1. Ang wikang pambansa ay makatutulong sa pagkakaroon ng pulitikal na pagkakaisa at katatagan.

   Kung hindi magkakaunawaan ang mga Pilipino, paano nila masasabi ang kanilang mga kaisipan at opinyon? Kung mayroon tayong isang wikang pambansa na maiintindihan ng lahat, masasabi ng bawat isa ang kanyang opinyon at ideya at makasasali sa pagbuo ng desisyon at patakaran ng ating pamahalaan. Magagawa ito sa pamamagitan ng mga sarbey, talakayan, at debatehan. Makasusunod ang mga tao sa mga batas at ordinansiya dahil ang mga ito ay nasusulat sa wikang naiintindihan ng lahat.

   Dagdag pa rito, ang pinakadiwa ng demokrasya ay ang kalayaan sa pamamahayag na ibinibigay ng saligang-batas sa mga mamamayan. Mas makakamtan ng mga tao ang karapatang ito kung masasabi nila ang kanilang mga opinyon sa iba't ibang opisyal ng pamahalaan. At ang pagkakaroon ng iisang wika ang siyang maggagarantiya na naiintindihan sila ng mga opisyal na ito.

2. Makatutulong nang mabuti ang pambansang wika sa pag-unlad ng ating ekonomiya.

   Isipin mo na lang kung ano ang mangyayari kapag hindi magkaintindihan ang mga negosyante at mangangalakal na Pilipino. Paano silang magkakaroon ng transaksyon? Ang pinag-uusapan dito ay ang mga Pilipinong may maliliit na negosyo sa iba't ibang lugar sa Pilipinas na gumagamit ng iba't ibang salita. Ang mga transaksyon ng malalaking kompanya, lalo na iyong kasama ang mga dayuhang mangangalakal, ay isinasagawa sa Ingles. Ano ang mangyayari sa ekonomiya ng ating bansa kung hindi makapag-usap ang mga negosyante?

3. Ito pa ang isang kahalagahan ng wikang pambansa. Nakatutulong ito sa sosyal at kultural na pag-unlad. Kapag sinabi nating sosyal, ang ibig sabihin nito ay ang pang-araw-araw na pakikipag-usap sa ibang tao, maging ito man ay sa isang tao o isang pangkat. Sa pamamagitan ng isang wikang naiintindihan ng lahat, ang isang tao ay matagumpay na nakikisalamuha sa kanyang mga kababayan. Kapag sinabi nating kultural, ang binabanggit natin dito ay ang mga paniniwala, tradisyon,

at kaugalian na nanggaling sa ating mga ninuno na ipinapasa sa mga sumusunod na henerasyon. Ang mga katutubong alamat, bugtong, salawikain, sayaw, awit, laro, at isports at mga pagpapahalaga mula sa lahat ng mga pangkat-etniko sa ating bansa ay napepreserba at naipapasa sa mga sumusunod na henerasyon kung naisasalin sa iisang salita. Halimbawa, ang katutubong alamat na Ilokano, ang Biag ni Lam-ang, ang babasahin ng iba't ibang mga pangkat-etniko mula sa Mindanao at Visayas. Ito ay magagawa kung isasalin ang alamat sa isang wikang naiintindihan ng lahat. Napagyayaman kung gayon ang iba't ibang alamat, bugtong, salawikain, sayaw, at iba pa, ng iba't ibang pangkat-etniko habang napapalaganap ang mga ito ng ating wikang pambansa.


Ang pinakaimportanteng layunin ng pambansang wika ay ang makatulong sa pagkakaunawaan at pagpapahalaga sa isa't isa ng mga tao upang mamuhay sila nang may pagkakasundo sa isang bansang matatag sa aspetong pulitikal at ekonomikal.

Kung ang lahat ng mga Pilipino ay matututo ng wikang pambansa, makasasali ang lahat sa modernong pulitikal na sistema at sistemang pang-ekonomiya ng bansa. Sa ganitong paraan nakatutulong tayo hindi lamang sa ating bansa kundi maging sa ating buhay.

Paano nakatutulong ang pambansang wika sa pag-unlad ng kultural na pagkakakilanlan? Basahin ang sumusunod upang malaman ang sagot dito.

## Basahin Natin Ito

Sa isang apartment sa San Diego, California, sa Estados Unidos…






## Pag-isipan Natin Ito

Bago mo ipagpatuloy ang pagbabasa, subukan munang sagutin ang tanong ni Candy. Bakit hindi na lang gamitin ang Ingles bilang ating wikang pambansa?

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

Ngayon ihambing ang iyong ideya sa mga sagot ng ina ni Candy. Ipagpatuloy ang pagbabasa ng kuwento.

## Basahin Natin Ito




Ano ang itinuturo ng kuwento sa iyo? Ipinapakita nito kung paanong ang ating wikang pambansa ang siyang nag-uugnay sa mga Pilipino sa buong bansa at sa buong mundo. Ito rin ay isang maipagmamalaking tanda ng pagkakakilanlan ng mga Pilipino na nagtatrabaho at naninirahan sa ibang bansa.

Bawat malayang bansa ay may sariling wikang pambansa. Bakit kaya ganito? Ang isang wikang pambansa ay simbulo ng kalayaan, pagkakaisa, at kasarinlan ng mga tao. Sinasagisag nito ang mga dinaanan natin bilang mga mamamayan ng Pilipinas o ang ating kasaysayan at kung ano tayo sa panahong ito.

Ito ang dahilan kung bakit dapat matutunan ng bawat Pilipino ang ating wikang pambansa.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Punan ang mga patlang ng mga salitang o parirala upang mabuo ang mga pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| diyalekto | walong | pulitikal |
| sosyal | pagkakakilanlan o identidad | nagsasalita |

1. Ang ____________________ ay rehiyonal na pagkakaiba ng isang salita.
2. May _________________ pangunahing wika ang ginagamit sa Pilipinas.
3. Ginagamit ng mga Pilipino sa buong mundo ang wikang pambansa bilang tanda ng ____________________.

4. Makatutulong ang wikang pambansa sa ____________________, kultural, pang-ekonomya, at ________________ na pag-unlad ng bansa.

Ihambing ang iyong mga sagot *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 55. Karamihan ba sa iyong mga sagot ay tama? Mabuti. Maaari mo nang simulan ang susunod na aralin.

Kung ang nakuha mong tamang sagot ay 3 lamang, mabuti pa rin iyon. Balik-aralan mo na lang ang aralin, lalo na iyong mga hindi mo natandaan o naintindihan.

## Tandaan Natin

- Ang wika ay isang sistema ng komunikasyon na ginagamit ng malaking bilang ng mga tao. Ang diyalekto ay naiibang bersyon ng wikang ginagamit ng isang maliit na pangkat ng mga tao.
- May walong pangunahing wika sa Pilipinas: Ilokano, Pangasinan, Pampango, Tagalog, Bikol, Cebuano, Hiligaynon, Waray-Samarnon. May daan-daang diyalekto ang mga wikang ito.
- Ang isang wikang pambansa ay makatutulong sa atin sa sumusunod na paraan:
    1. pakikipag-usap sa isa't isa nang mabuti; at
    2. pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan o identidad.
- Nakatutulong ang wikang pambansa sa sosyal, pang-ekonomiya, at pulitikal na pag-unlad ng bansa.
- Mahalagang matutuhan at magamit ng bawat Pilipino ang wikang pambansa. Ang pagkatutuo ng wikang pambansa ay siyang susi sa pag-unlad.


# Bakit Filipino?


Alin sa lahat ng mga wikang ginagamit sa ating bansa ang siyang wikang pambansa? Alam mo ba kung paano ka nagkaroon nito? Pamilyar ba sa iyo kung paano ito lumago? Alam mo ba ang mga isyu tungkol sa pinanggalingan at gamit nito?

Ngayon at alam mo na ang kahalagahan ng wikang pambansa sa isang bansa at sa mga mamamayan nito, panahon na upang pag-usapan ang ating sariling wikang pambansa. Matapos pag-aralan ang araling ito, dapat ay nasasagot mo na ng *Oo* ang mga tanong sa itaas. Handa ka na ba? Simulan na natin.


## Basahin Natin Ito

Isang araw, narinig ko ang pagtatalo ng tatlong mga batang kapitbahay tungkol sa wikang pambansa ng Pilipinas. Narito ang usapan nina Sheila, Paulo, at Dennis.




Ito naman ang sinabi ni Sheila:
Sigurado akong ang ating wikang pambansa ay Tagalog. Nakabasa ang kapatid ko ng isang aklat na nasusulat sa wikang pambansa. Katulad ito ng Tagalog.


Pero ito ang sinabi ni Dennis:
Hay naku, hindi kayo marunong. Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Alam ng lahat iyan. Ibang-iba ito sa Pilipino at Tagalog.


Mga bata, huwag kayong mag-away. Lahat kayo ay tama pero lahat din kayo ay mali.


Huh?
Anong ibig ninyong sabihin, Miss?
Err...



## Subukan Natin Ito

Anong masasabi mo? Alam mo ba kung ano ang ating wikang pambansa? Lagyan ng tsek **(4)** ang iyong sagot sa ibaba.

☐ Tagalog

☐ Pilipino

☐ Filipino

Kung ang sagot mo ay Filipino, tama ka.

Pero bakit ko sinabi sa mga bata na tama silang lahat pero mali rin sila? Alam mo ba ang sagot? Pag-isipang mabuti ang sagot ng mga bata at isulat ito sa ibaba.

__________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

Ngayon ihambing ang iyong sagot sa sumusunod.

Lahat ng mga bata ay tama sa isang banda ngunit mali naman sila sa isang banda. Bakit? Balik-aralan natin ang kanilang mga sagot.

Ang sabi ni Paulo, ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Pilipino. Tama siya sa isang banda—ang orihinal na katawagan sa wikang pambansa ay Pilipino. Ngunit ito ay noong mga nakaraang dekada pa. *Pilipino* ang pangalan ng ating wikang pambansa noon. Hindi na ngayon, kaya mali rin si Paulo.

Sabi naman ni Sheila, Tagalog ang ating wikang pambansa. Tama siya sa isang banda dahil ang wikang pambansa ay nagmula sa wikang Tagalog pero ito ay iba sa Tagalog. Kaya hindi rin totoong tama si Sheila.

Sa lahat ng mga bata, si Dennis ang nagbigay ng pinakatamang sagot. Ang opisyal na wikang pambansa ng Pilipinas ngayon ay ang Filipino. Ito ang katawagang ginamit sa Saligang-Batas ng 1973 at 1987 sa pagtukoy sa pambansang wika ng Pilipinas. Ngunit mali si Dennis sa pagsabing ibang-iba ang Filipino sa Pilipino at Tagalog. Katulad ng tinalakay na natin, ang ating wikang pambansa ay tinawag na Pilipino at ito ay nagmula sa wikang Tagalog.

## Alamin Natin

Bago pa man dumating ang mga Espanyol sa ating lupain, gumagamit na ng iba't ibang wika ang ating mga ninuno. Napapangkat sila sa iba't ibang grupo na naninirahan sa iba't ibang bahagi ng kapuluan. Ang mga ito ay ang maiitim at kulot na mga taong naninirahan sa kabundukan. Gumagamit sila ng salitang naiiba sa mga ginagamit ng mga mangingisda na naninirahan sa tabing-dagat. Iba rin ang salitang ginagamit ng mga magsasaka sa iba't ibang bahagi ng kapuluan.

Nang dumating ang mga Espanyol, sa halip na tumulong sa pagbuo ng wikang pambansa, mas pinasigla pa nila ang pagkakaiba sa wika ng mga Pilipino upang mas madali nilang makontrol ang mga ito. Pero itinatag nila ang Espanyol bilang opisyal na paraan ng pakikipagtalastasan na ginagamit sa mga pormal na paaralan, seremonyang panrelihsyon, at transaksyon sa pamahalaan. Dahil dito, ang mga salitang Espanyol ay naging bahagi ng maraming lokal na wika at diyalekto.

Nang dumating ang mga Amerikano, siniguro nila na ang mga Pilipino ay natutong magsalita ng Ingles. Para sa kanila ang pag-aaral sa Ingles ay isang paraan upang mapag-isa ang mga taong nagsasalita ng iba't ibang wika at diyalekto. Kaya itinuro ng mga guro ang Ingles sa buong bansa. Ito ang tanging salitang ginagamit sa pagtuturo. Ang Ingles ang siyang naging unang wikang pambansa ng mga Pilipino.

Nagsimulang pag-usapan ng mga tao sa gobyerno ang pangangailangan sa isang wikang pambansa. Kailangan daw ito para sa pambansang pagkakaisa at kasarinlan.



**Manuel L. Quezon**

Kinilala ni Pangulong Manuel L. Quezon ang pangangailangan ng bansa para sa isang pambansang wika. Ayon sa kanya, ito ay bumubuo sa isa sa mga pinakamatibay na bigkis na nag-uugnay sa mga tao at nagpapayaman sa pagkakaisa ng pambansang mithiin, hangarin, at damdamin.

Ang bagay na ito ay pinag-usapan sa Kombensyong Konstitusyonal na idinaos noon. Bilang resulta nito, itinakda ng Saligang-Batas ng 1935 ang pagpapaunlad at pagpapatibay ng isang wikang pambansa na nakabatay sa isa sa mga ginagamit na katutubong diyalekto. Kasunod nito, binuo ang Surian ng Wikang Pambansa na siyang pipili ng nasabing katutubong diyalekto. Ito ay binubuo ng labing-isang kinatawan mula sa iba't ibang pamayanan sa buong bansa. Matapos ang pag-aaral at sarbey ng mga lokal na salita, inirekomenda ng Surian ang Tagalog bilang siyang batayan ng wikang pambansa.

Noong 1937, iprinoklama ni Pangulong Quezon ang Tagalog bilang siyang batayan ng wikang pambansa. Naniniwala siya na ang pagkakaroon ng ating sariling pambansang wika ay makatutulong sa pagresolba sa mga di-pagkakaunawaan ng mga Pilipinong gumagamit ng iba'tibang salita at diyalekto. Nais din niyang gumamit ang mga Pilipino ng wikang hindi hiram sa mga Espanyol o Amerikano. Idineklara niya ang ika-13 hanggang ika-19 ng Agosto bilang Linggo ng Wika upang bigyang-karangalan ang wikang pambansa ng Pilipinas. Dahil dito, si Manuel L. Quezon ay kinikilalang Ama ng Wikang Pilipino hanggang ngayon.



## Pag-isipan Natin Ito

Ang pagpili sa Tagalog ng Surian ng Wikang Pambansa ay nagsimula ng mga kontrobersya. Nagtataka ang mga hindi nagsasalita ng Tagalog kung bakit ito ang pinili. Bakit nga ba hindi pinili ng Surian ang Cebuano, Ilokano, o Hiligaynon? Marami pang ibang diyalektong ginagamit sa bansa maliban sa Tagalog.

Sumasang-ayon ka ba sa desisyon ng Surian ng Wikang Pambansa na Tagalog ang dapat na maging batayan ng wikang pambansa ng Pilipinas? Bakit o bakit hindi?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa susunod na pahina.


Matapos ang seryosong deliberasyon sa mga pag-aaral na kanilang ginawa, pinili ng Surian ang Wikang Pambansa ang Tagalog bilang batayan ng ating pambansang wika. Ang mga sumusunod ang siyang dahilan kung bakit Tagalog ang pinili:

1. Ang Tagalog ang siyang gamit na gamit at higit na naiintindihan sa lahat ng rehiyon ng Pilipinas. Ito ay ginagamit sa Maynila, Gitna at Gitnang Katimugang Luzon, sa mga pulo ng Marinduque at Mindoro, at sa ilang bahagi ng Mindanao;
2. Hindi ito nahahati sa mga diyalekto na katulad ng Bisaya;
3. Pinakamayaman ang panitikang Tagalog. Mas maraming aklat ang nasusulat sa Tagalog kaysa sa iba pang katutubong salita;
4. Tagalog ang siyang salitang ginagamit sa Maynila, ang kabisera ng bansa, bago pa man dumating ang mga Espanyol;
5. Ang Tagalog ang siyang salitang ginamit sa Rebolusyon at Katipunan, dalawang pangyayari sa ating kasaysayan na tunay na maipagmamalaki natin.

Isinulat ni Francisco Baltazar Balagtas ang tulang epiko na *Florante at Laura*, isa sa mga dakilang yamang-panitik ng Pilipinas, sa Tagalog.

Kaya ako ay sang-ayon sa mga resulta ng pag-aaral ng Surian.

Pero ako ay naniniwalang ang wikang pambansa ay kailangang di-gaanong nakabatay sa Tagalog at dapat na naglalaman ng mga elementong galing sa ibang salitang ginagamit sa buong bansa.



## Alamin Natin

Nagpatuloy ang kontrobersya tungkol sa ating pambansang wika. Ang paggamit ng Tagalog bilang batayan nito ay nakasakit sa damdamin ng ibang Pilipino. Naniniwala silang hindi kinatawan ng wikang pambansa ang kanilang mga salita. Hindi nila tinanggap ang wikang pambansa na kabatay sa Tagalog.

Upang maipakita na ang pambansang wika ay hindi Tagalog kundi nakabatay lamang dito, pinangalanan itong Pilipino noong 1959. Ang Pilipino ay unti-unting ipinakilala bilang salitang panturo sa buong bansa. Pinag-aral ang mga batang Pilipino ng mga salitang Pilipino at Ingles at ang kanilang mga leksyon ay itinuro sa dalawang salitang ito. Ito ang tinawag na patakarang bilinggwal ng edukasyon. Ang ibig sabihin ng *bilinggwal* ay dalawang salita.

Subalit maraming Pilipino ang ayaw pa ring tumanggap sa wikang Pilipino. Alam mo ba kung bakit? Masdan ang sumusunod na salita:

*salumpuwit*
*salimpapaw*
*sipnayan*
*salongsuso*

Masasabi mo ba ang kahulugan ng mga salitang ito? Isulat ang iyong mga sagot sa patlang.

______________________

______________________

______________________

______________________

Narito ang kanilang kahulugan:

Ang *salumpuwit* ay nangangahulugang "upuan."
Ang *salimpapaw* ay nangangahulugang "eroplano."
Ang *sipnayan* ay nangangahulugang "matematika."
Ang *salongsuso* ay ang tinatawag na *brassiere* sa Ingles.

Nakikita mo ba ang iyong sariling gumagamit ng mga salitang ito? Nakarinig ka na ba ng taong nagsabi ng "Binigyan ako ng salumpuwit sa salimpapaw upang mag-aral ng sipnayan"? Naiisip mo ba ang isang inang nagsasabi sa kanyang anak ng "Iha, kailangan ka nang magsuot ng salongsuso." Para sa maraming tao, ang mga salitang ito ay katawa-tawa.

Naging napaka-artipisyal ng Pilipino dahil maraming salita ang nilikha upang isama rito pero wala namang gustong gumamit ng mga ito. Dagdag pa rito, marami pa rin ang nagpo-protesta dahil kapareho pa rin nito ang Tagalog.

Upang malutas ang suliraning ito, isang bagong wika ang iminungkahi. Ito ngayon ay nakabatay pa rin sa Tagalog pero maraming elemento ang isasama rito na nanggagaling sa mga lokal at dayuhang salitang ginagamit sa Pilipinas. Ayon sa Saligang-Batas ng 1973, ang bagong wika, na tatawaging Filipino, ay pauunlaring o palalaguin at saka papagtibayin bilang siyang iisang wikang pambansa ng Pilipinas. Ang Pilipino at Ingles naman ay patuloy na magiging opisyal na salita sa bansa.

Sa wakas, noong 1987 idineklara sa Saligang-Batas na ang wikang pambansa ng Pilipinas ay ang Filipino. Habang binabalangkas ito, ito ay patuloy na pauunlarin at pagyayamanin ayon sa ginagamit na salitang Pilipino at iba pang salita. Ang Filipino ang siyang gagamitin sa mga opisyal na pakikipagtalastasan. Ito rin ang gagamiting salitang pampagtuturo sa mga paaralan. Ito ang magsisilbing instrumento ng kapayapaan at pagkakaisa para sa pambansang kaunlaran.

Ang naatasang mamatnubay sa pagpapaunlad ng Filipino ay ang Komisyon sa Wikang Filipino. Ito ay naatasang magsagawa at magtaguyod ng mga pagsasaliksik para sa pagpapaunlad, pagpreserba, at pagpapalago ng Filipino at iba pang salitang Pilipino.

Noong Hulyo 15, 1997, idineklara ni Pangulong Fidel V. Ramos ang Agosto 1 hanggang 31 ng bawat taon bilang Buwan ng Wikang Pambansa, buwan ng kapanganakan ni Pangulong Manuel L. Quezon, ang Ama ng Wikang Pambansa.



## Pag-isipan Natin Ito

Sa palagay mo ba, mas maraming Pilipino ang gumagamit o nakapagsasalita ng ating wikang pambansa sa ngayon? Ano ang batayan ng iyong sagot? Isulat ang iyong mga sagot sa ibaba.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Narito ang aking sagot. Ihambing ito sa iyong sagot.

Isang pag-aaral ang isinagawa ng Unibersidad ng Xavier tungkol sa kung alin sa mga salitang Pilipino ang pinakagamit na gamit ng mga Pilipino sa mga nakalipas na taon. Makikita rito na mula noong 1960 hanggang 1990, ang bilang ng mga gumagamit ng Filipino bilang wika ay dumami kaysa sa bilang ng mga gumagamit ng iba pang wikang Pilipino. Ayon sa pag-aaral na ito, nagiging epektibo bilang wikang pambansa ang Filipino; ito ay ginagamit ng mga tao.

Ayon sa isang sarbey ng NSO noong 1989, 92 porsyento ng Pilipino ay nakapagsasalita ng wikang pambansa, kung kaya mas natatatag ang Filipino bilang wikang pambansa ng Pilipinas.



## Subukan Natin Ito

Sa iyong palagay, totoo nga bang tanggap na ng mga Pilipino ang Filipino bilang kanilang wikang pambansa? Alamin mo ito. Magsarbey sa iyong pamayanan. Naririto ang mga dapat mong itanong sa iyong mga kaibigan at kapitbahay:

1. Nagsasalita ka ba ng Filipino?
2. Tinatanggap mo ba ang Filipinio bilang ating wikang pambansa?

Pagkatapos nito, pag-aralan ang mga nakalap mong impormasyon at isulat ang iyong paglalahat sa isang piraso ng papel. Talakayin ang iyong mga nasaliksik sa iyong guro o kaibigan o kapamilya.

Ano ang masasabi nila sa iyong mga nasaliksik?

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Lagyan ng tsek ang kahon ng tamang sagot.

1. Bago pa man dumating ang mga Espanyol, gumagamit na ng iisang salita ang ating mga ninuno.

   ☐ Wasto

   ☐ Di-wasto

2, Ang unang wikang pambansa ng Pilipinas ay ang

   ☐ Tagalog

   ☐ Pilipino

   ☐ Filipino

   ☐ Cebuano

3. Hindi tinanggap ng karamihan sa mga Pilipino ang salitang Pilipino dahil

   ☐ nakabatay pa rin ito sa Tagalog

   ☐ naglalaman ito ng mga artipisyal na salita na wala namang gustong gumamit

   ☐ pareho ng sagot ng nasa itaas

   ☐ nakabatay ito sa dayuhang salita

4. Ang Saligang-Batas noong ________ ang nagproklama sa Filipino bilang opisyal na wikang pambansa ng Pilipinas.

   ☐ 1935

   ☐ 1973

   ☐ 1987

   ☐ 1945

5. Binuo ang Filipino noong 1987 at ito ngayon ay isang wikang lubusan nang nabuo.

   ☐ Wasto

   ☐ Di-wasto

Tapos ka na ba? Tingnan ang sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 55–56. Kung nakakuha ka ng 3 tamang sagot, binabati kita. Maaari mo nang simulan ang sumusunod na aralin.

Kung 1 o 2 puntos ang nakuha mo, huwag kang malungkot. Ang araling ito ay naglalaman ng maraming nakalilitong petsa at mga datos. Balikan mo at pag-aralang muli ang aralin. Mas makabubuti kung sasagutin mo muna ang pagsubok sa itaas upang malaman kung naintindihan mo ang aralin bago magpatuloy sa susunod na aralin.



## Tandaan Natin

- Ang unang pambansang wika ng Pilipinas ay ang Ingles.
- Isang bagong wikang pambansa ang binuo noong dekada 1930 subalit dahil nakabatay ito sa Tagalog, hindi ito tinanggap ng mga Pilipinong hindi gumagamit ng salitang Tagalog.
- Tumulong si Pangulong Manuel L. Quezon sa pagpapaunlad ng bagong salitang magiging opisyal na wikang pambansa ng Pilipinas. Dahil dito, siya ay kinikilalang Ama ng Wikang Pambansa.
- Noong 1959, pinangalanang Pilipino ang pambansang wika upang alisin ang kaisipang ito pa rin ang salitang Tagalog. Maraming mga bagong salita ang nilikha sa Pilipino ngunit ang mga ito ay mahirap gamitin at napaka-artipisyal. Hindi pa rin ito tinanggap ng mga tao.
- Isang bagong wikang pambansa ang binuo at tinawag itong Filipino. Ito ay itinakda sa Saligang-Batas ng 1973. Samantala, ang Ingles at Pilipino ay nanatiling opisyal na salita sa Pilipinas.

- Iprinoklama ang bagong wika, ang Filipino, bilang opisyal na wikang pambansa ng Pilipinas sa Saligang-Batas ng 1987. Ito ay maglalaman ng mga hiram na salita mula sa mga salitang lokal at dayuhan na ginagamit sa bansa.
- Ayon sa mga pag-aaral, ang Filipino ay tinatanggap, pinag-aaralan, at siyang ginagamit ng dumaraming bilang ng mga Pilipino taun-taon.

# Nagsasalita ng Filipino ang mga Pilipino

Marami na tayong napag-usapan tungkol sa pag-unlad ng ating wikang pambansa sa kasalukuyan, ang Filipino. Napag-usapan na rin natin ang mga pag-aaral tungkol sa patuloy na pagtanggap at pagdami ng mga taong nagsasalita nito taun-taon. Nasabi na rin natin na dapat matutunan ng bawat Pilipino ang Filipino para sa patuloy na paglakas ng puwersa at pagkakaisa bilang isang bansa. Pero ano ba talaga ang Filipino? Ito ay isang mahalagang tanong, isang tanong na pipilitin nating sagutin sa araling ito.

Pagkatapos ng araling ito, dapat ay nakikilala mo na nang husto ang ating wikang pambansa. Dapat ay nasasabi mo na ang kaibahan nito sa iba pang salitang Pilipino, lalung-lalo na ang Tagalog. Dapat ay nasasabi mo na rin kung saan at kailan ito gagamitin.



## Subukan Natin Ito

Basahin nang mabuti ang talata sa ibaba na nasusulat sa Tagalog.

Pumasok ang guro sa silid-aralan dala ang kanyang mga aklat. Sumulat siya sa pisara sa pamamagitan ng tisa, at inutusan niya ang mga mag-aaral na kunin ang kanilang mga takdang-aralin.

Ngayon subukan mong isulat ang talata sa Filipino.

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Ihambing ang iyong isinulat sa aking talata sa ibaba.

Pumasok ang titser sa silid-aralan dala ang kanyang mga libro. Sumulat siya sa pisara sa pamamagitan ng tsok, at inutusan niya ang mga estudyante na kunin ang kanilang mga takdang-aralin.

Ano ang masasabi mo sa gawaing ito? Nahirapan ka ba sa pagsasalin ng talata sa Filipino?




## Pag-isipan Natin Ito

1. Sa palagay mo ba Tagalog pa rin ang Filipino na pinalitan lang ng pangalan?

2. Kung ang sagot mo sa unang tanong ay Hindi, sa iyong palagay ano ang ikinaiba ng Filipino sa Tagalog? Gamitin ang isinaling mga talata sa itaas bilang patnubay.

Marami ka pang malalaman tungkol sa bagay na ito sa susunod na talakayan.



## Alamin Natin

Kung titingnan mong mabuti ang pagsasalin sa itaas, mapapansin mong ang Filipino ay katulad na katulad ng Tagalog pero maraming salita ang binago na. Tingnan natin ang mga ito:

| TAGALOG | FILIPINO |
|---|---|
| guro | titser |
| silid-aralan | klasrum |
| aklat | libro |
| pisara | blakbord |
| tisa | tsok |
| mag-aaral | estudyante |
| takdang-aralin | asayment |

Nakikita mo ba kung paano nabago ang mga salita? Higit sa lahat, masasabi mo ba kung bakit sila binago?

Tingnang muli ang mga bagong salitang Filipino. Alam na alam mo ba ang mga ito? Sigurado akong kilala mo ang mga ito. Ang mga ito ay salitang hiram sa ibang mga salitang ginagamit sa Pilipinas, katulad ng Ingles at Espanyol. Kung titingnan mong mabuti, mapapansin mong

Ang titser ay hango sa salitang Ingles na teacher.
Ang klasrum ay hango sa salitang Ingles na classroom.
Ang libro ay siyang salitang Espanyol para sa aklat.
Ang blakbord ay hango sa salitang Ingles na blackboard.
Ang tsok naman ay hango sa salitang Ingles na chalk.
Ang estudyante naman ay hango sa salitang Espanyol na estudiante.
Ang asayment ay hango sa salitang Ingles na assignment.

Makikita mo na ang Filipino ay naiiba sa Tagalog dahil naglalaman ito ng maraming salitang hiram sa ibang salita. Ang mga hiram na salita ay isinusulat nang may panibagong baybay, pinagtitibay, at saka hinihiram. Ginagawa ito bilang pagkilala sa mga salitang ito na bahagi ng ating kultura. Ginagamit ng karamihan sa mga Pilipino ang mga Ingles at Espanyol na salitang ito sa halip na ang katumbas na mga salitang Tagalog. Laganap ang paggamit sa mga salitang ito sa mga kuwentuhan pati na sa mga programa sa telebisyon at radyo at sa mga balita sa diyaryo. Sa ngayon, maraming-marami nang salitang Filipino na hiniram sa salitang Ingles. Narito ang iba pang mga salitang Filipino na hiniram o hinango sa salitang Ingles.

| **ENGLISH** | **FILIPINO** | **ENGLISH** | **FILIPINO** |
|---|---|---|---|
| accusation | *akusasyon* | faculty | *fakulti* |
| action | *aksyon* | graduate | *gradweyt* |
| appointed | *apoynted* | identity | *aydentiti* |
| artificial | *artipisyal* | individual | *indibidwal* |
| broadcast | *brodkast* | mass media | *mas midya* |
| business | *bisnis* | national | *nasyonal* |
| category | *kategori* | official | *opisyal* |
| chairman | *tserman* | physical | *pisikal* |
| commercial | *komersyal* | property | *properti* |
| committee | *komite* | qualification | *kwalipikasyon* |
| context | *konteksto* | sector | *sektor* |
| control | *kontrol* | sentence | *sentens* |
| conversation | *kumbersasyon* | situation | *sitwasyon* |
| crisis | *krisis* | spiritual | *ispiritwal* |
| declared | *idineklara* | stress | *istres* |
| deliberate | *delibereyt* | textbook | *teksbuk* |
| discussion | *diskasyon* | tricycle | *traysikol* |
| election | *eleksyon* | variety | *barayti* |
| elementary | *elementari* | version | *bersyon* |

Napag-aralan na natin ang mga salitang Filipino na hiniram o hinango sa mga dayuhang salita, pero paano naman ang mga salitang hiniram sa mga lokal na salita? Alalahanin mo na ayon sa Saligang-Batas ng 1987 ang Filipino ay nararapat na higit pang paunlarin at pagyamanin ayon sa ginagamit na mga salitang Pilipino at iba pang mga salita.

Sa ngayon kakaunti ang mga salitang Filipino na hiniram mula sa ibang mga lokal na salita. Madali namang intindihin ito dahil sa ngayon ang Filipino ay kasalukuyang pinauunlad. Sana ang kahulugang ito ng Filipino ayon sa Saligang-Batas ay magkatotoo sa mga susunod na panahon.



## Pag-isipan Natin Ito

Ayon sa ating mga tinalakay, paano mong isasalarawan ang salitang Filipino?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa ibaba.


Ang Filipino ay nauukol para maging isang magandang kombinasyon ng iba’t ibang salita, konsepto, at tono ng maraming mga salitang ginagamit sa Pilipinas. Ngunit sa ngayon ito ay nasa proseso ng pagpapaunlad at naglalaman ng kakaunting mga hiram na salitang lokal. Nakabase pa rin ito sa Tagalog pero marami itong hiram na mga salitang dayuhan, lalung-lalo na sa Ingles.

## Subukan Natin Ito

Si Pedro ay isang magsasaka mula sa Quezon. Tagalog ang kanyang salita. Gusto niyang magbenta ng kanyang sinasakang bigas at mais sa Samar. Ngunit ang mga taga-Samar ay nagsasalita ng Waray. Paano makakausap ni Pedro ang mga ito?




Si Julia ay tubong Bohol. Kaluluwas lang niya sa Maynila upang magtrabaho sa isang pabrika. Paano siyang makikipagkaibigan at makikipag-ugnayan nang maayos sa kanyang mga katrabaho?



Si Direk Polo ay isang direktor sa pelikula. Katatapos lamang niya ng isang pelikula tungkol kay Jose Rizal, ang ating pambansang bayani. Gusto ni Direk Polo na malibang at matuto ang mga Pilipino sa kanyang pelikulang ginawa. Ano ang kanyang gagawin upang maintindihan ng lahat ang pelikulang ito?



Isang mang-aawit si Vina. Kasalukuyan niyang ginagawa ang isang album. Gusto niyang madaling intindihin at maging kasiya-siya ang mga awit dito para sa maraming Pilipino. Bilang mang-aawit, ano ang dapat niyang gawin?



Isulat sa mga patlang ang sa tingin mong dapat gawin ng bawat Pilipinong nasa itaas.

Pedro

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Julia

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Polo

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Vina

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Kasama ba ang Filipino, ang ating wikang pambansa, sa lahat ng iyong mga sagot? Kung gayon, tama ka. Dapat ay gamitin ni Pedro ang Filipino para makipag-usap sa mga Samareno. Si Julia naman ay dapat na gumamit ng Filipino sa pakikipagkaibigan at pakikipag-ugnayan sa mga katrabahong Manileno. Dapat namang gamitin ni Polo ang salitang Filipino upang maintindihan ng lahat ang kanyang pelikula. Si Vina naman ay dapat na kumanta ng mga awitin sa Filipino upang maintindihan ang mga ito ng maraming Pilipino. Ano ang ibig sabihin nito kung ang pag-uusapan ay ang paggamit ng Filipino?

Bago natin sagutin ang tanong na ito, tingnan natin ang isa pang sitwasyon.

## Basahin Natin Ito



Si Loida ay tubong Davao. Siya ay nagsasalita ng Cebuano. Siya at ang kanyang kabiyak na si Dodong ay nag-aalaga ng mga orkidyas. Nakatira sila sa isang maliit na bahay sa tabi ng daan. Nakikita ng mga nagdaraan ang magagandang bulaklak. Isang araw, nakita ni Carmina, isang may-ari ng flower shop sa Maynila, ang mga bulaklak.

Gustong bumili ni Carmina ng mga orkidyas para sa kanyang shop, pero dahil galing siyang Maynila hindi siya marunong magsalita ng Cebuano. Mabuti na lamang at marunong magsalita ng Filipino sina Carmina at Loida. Napagkasunduan nilang dalawa na sina Loida at ang kabiyak nito ang magbebenta ng orkidyas para sa shop ni Carmina sa isang tapat na presyo buwan-buwan.

Upang ipagdiwang ang kanilang magandang kapalaran at benta, nagdesisyon si Loida na i-blow out ang kanyang mga anak. Gusto nilang manood ng bagong palabas na pelikula na pinagbibidahan ng isang sikat na artistang Pilipino. Niyaya nilang manood si Carmina. Nasiyahan ang lahat sa pelikula dahil ito ay isinulat at ipinalalabas sa Filipino, at naiintindihan ito ng lahat.

Pagkatapos ng magandang pelikula, binigyan ni Carmina sina Loida at Dodong ng libro ni F. Sionil Jose na nasusulat sa Filipino. Binigyan niya rin ang mga anak nina Loida ng teyp ng awit ni Gary Valenciano na “Sana Maulit Muli” na paborito ng mga bata. Sa kalaunan, nagkaroon ng magandang ugnayan sa negosyo sina Loida at Carmina. Naging matalik din silang magkaibigan. Hanggang ngayon nagsusulatan pa rin silang dalawa, at sa Filipino siyempre.



## Pag-isipan Natin Ito


Ayon sa kuwento, sa anong mga pagkakataon naging kapaki-pakinabang ang Filipino bilang paraan ng pakikipagtalastasan?

Ihambing ang iyong sagot sa akin:

Ayon sa kuwento, napakinabangan ng mga tauhan ang kanilang kaalaman sa salitang Filipino nang:

1. Nakipagkasundo si Carmina kay Loida na ang huli ang pagkukuhanan ng una ng mga bulaklak para sa flower shop nito sa Maynila;
2. Nanood sina Carmina, Loida, at ang mga anak ni Loida ng pelikula;
3. Binigyan ni Carmina ng libro sina Loida at Dodong;
4. Binigyan ni Carmina ng teyp ng awit sa Filipino ang mga anak nina Loida at Dodong;
5. Nang maging magkaibigan sina Carmina at Loida at sila ay magsulatan.

Ayon dito, ang Filipino ay kapaki-pakinabang sa mga transaksyon sa negosyo, sa pelikula, sa panitikan, sa musika, at sa personal na komunikasyon sa pagitan ng mga Pilipino mula sa iba't ibang probinsiya o rehiyon. Sa lahat ng ito nakatulong ang Filipino upang maintindihan ng mga tao ang isa't isa at upang mabuhay ang lahat nang mapayapa at may pagkakaisa.



## Alamin Natin

Walang batas na nagsasabi kung kailan dapat gamitin ang Filipino. Gamitin mo ang iyong sentido kumon sa mga bagay na ito. Pero ang mga sumusunod ang mga pagkakataon na maaaring gamitin ang Filipino at kung saan ito ay magiging kapaki-pakinabang:

1. **Transaksyon sa negosyo**

   Magiging posible ang mga transaksyon ng maliliit na negosyanteng Pilipino sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas na gumagamit ng iba't ibang salita kung sila ay gumagamit ng wikang pambansa.

2. **Edukasyon**

   Mahalagang ituro ang Filipino sa mga paaralan upang ang mga mag-aaral ay matuto ng wikang pambansa. Maliban dito, maituturo pa ang ibang asignatura sa Filipino. Ang patakarang bilingguwal sa edukasyon ng DECS ay nagtakda para sa paggamit ng Filipino at Ingles sa mga paaralan.Tatalakaying mabuti ang bagay na ito sa susunod na aralin.

3. **Serbisyo**

   Magiging kapaki-pakinabang ang Filipino sa mahahalagang serbisyo katulad ng sa kalusugan, transportasyon, tulong sa mga kalamidad, at iba pa. Halimbawa, kailangang maintindihan ng isang Cebuanong doktor kung ano ang nararamdaman ng kanyang pasyenteng taga-Pampanga. Kung hindi sila gagamit ng iisang salitang katulad ng Filipino, paano silang magkakaintindihan?

4. **Impormasyon**

   Mas madaling maiintindihan ng maraming tao sa buong bansa ang mga balita tungkol sa mahahalagang pangyayari at ang iba pang importanteng mga impormasyon kapag ang mga ito ay naka-brodkas o inihahatid sa Filipino.

5. **Personal na Komunikasyon**

   Marahil ang pinakaimportanteng kapakinabangan ng ating wikang pambansa ay ang pagbuklurin tayong mga Pilipino. Kung gagamit ka ng Filipino kapag nakikipag-usap, nagsusulat, o ano pa mang uri ng komunikasyon, lalo kang magkakaroon ng maraming kaibigan mula sa buong bansa.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Sagutin ang  mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang kaibahan ng Filipino at Tagalog?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Paano mong isasalarawan ang salitang Filipino?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

B. Isulat ang mga pagkakataon na ating tinalakay kung saan ang Filipino ay ginagamit at ito ay tunay na kapaki-pakinabang. Magbigay ng halimbawa para sa bawat isa.

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 56–57. Halos lahat o lahat ba ng iyong sagot ay tama? Ang kabuuang bilang ng mga sagot sa pagsasanay na ito ay 20. Kung 11 ang nakuha mo, mabuti. Naipasa mo ang pagsasanay at maaari ka nang magtungo sa susunod na aralin.

Kung 10 puntos naman ang nakuha mo, hindi na iyon masama. Balik-aralan ang aralin at saka ka tumuloy sa susunod na aralin.

## Tandaan Natin

- Ang Filipino ay naiiba sa Tagalog dahil maraming salitang hiram sa Ingles at sa iba pang mga salita. Nauukol ito para maging kombinasyon ng iba't ibang mga salitang ginagamit sa Pilipinas. Subalit sa ngayon, ito ay nasa proseso pa lamang ng pagpapaunlad at kakaunti pa lamang ang mga hiram na salitang lokal. Nakabase pa rin ito sa Tagalog pero marami itong salitang hiram sa mga dayuhang wika katulad ng Ingles at Espanyol.
- Ang Filipino ay kapaki-pakinabang sa maraming aspeto ng buhay, katulad ng sa negosyo, edukasyon, mga serbisyo, panitikan, libangan o pelikula, impormasyon, at personal na komunikasyon.

# Ang mga Filipino ay Gumagamit Din ng Iba't Ibang Salita at Diyalekto

Bago mo tapusin ang modyul na ito, narito ang huling aralin na kailangan mong matutunan. Totoong kailangan ng Pilipinas na magkaroon ng pambansang wika. Kailangan nating magkaisa para maisakatuparan ang layuning ito. Pero hindi pa ri natin dapat kalimutan o balewalain ang iba pang mga salita o diyalekto na ginagamit sa ating bansa. Ang wikang pambansa ay di dapat gamiting kasangkapan para maisawalang-bahala ang ibang mga kultura o mga tao.


Dapat mong maintindihan na kahit kailangang matutunan ang wikang pambansa, hindi nangangahulugang ito lang ang iyong gagamitin. Ang paggamit ng Ingles o ng sariling diyalekto ay hindi nangangahulugang hindi ka makabayan o hindi mo iginagalang ang ating wikang pambansa. Maaari mong matutunan ang paggamit ng wikang pambansa, pahalagahan ang sariling diyalekto, at maging magaling sa Ingles!

Sa araling ito tatalakayin natin ang kahalagahan at gamit ng iba't ibang diyalekto at salitang Pilipino, ganundin ng Ingles, sa ating pamumuhay bilang Pilipino.



## Subukan Natin Ito

Tingnan ang larawan sa ibaba. Pansinin ang mga nakasulat sa mga karatula.



Pamilyar ba ang kalyeng ito sa iyo? Katulad ito ng mga kalyeng nakikita mo sa Pilipinas. Ilang karatula ang iyong nakita? Ilista sa ibaba ang mga nakasulat sa mga ito.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ano ang meron sa mga karatulang ito? Lahat sila ay nakasulat sa Ingles. Ang mga ito ay mga pamilyar na karatulang nakikita sa buong bansa.

Subukan mong magtingin-tingin sa iyong pamayanan. Bilangin mo ang mga karatula, poster, at mga anunsyo na nakasulat sa Ingles.

Ilan ang nabilang mo?



## Subukan Natin Ito

Pag-aralan ang larawan sa ibaba.



## Pag-isipan Natin Ito

1. Ano ang ipinapakita ng larawan?

2. Naniniwala ka ba na ang nakalarawan ang siyang nangyayari sa ating bansa sa ngayon?

3. Mabuti ba o masama sa bansa ang nakalarawang sitwasyon? Bakit?

Ihambing ang iyong mga sagot sa ibaba.

1. Ang bidang karakter na Filipino ang kumakatawan sa wikang Filipino. Ang bidang karakter na may salitang English sa kanyang dibdib ang kumakatawan sa Ingles.

   Ipinapakita ng larawan kung paanong pumapagitna sa entablado ang Filipino. Itinutulak nito ang Ingles sa labas ng eksena. Makikita rito kung paano unti-unting nagiging tanging paraan ng pakikipagtalastasan ang Filipino sa ating bansa.

2. Kahit na palasak ang gamit sa Ingles sa ating bansa sa ngayon, nagiging paboritong paraan ng komunikasyon naman ang Filipino. Kahit na ang Filipino ay siyang ginagamit ng masa, gamit na rin ito ng mga kabilang sa gitnang-uri sa kanilang mga komunikasyon. Filipino ang ginagamit sa mga koridor ng mga paaralan at sa mga kantina, sa mga tahanan at kapitbahayan, sa mga restawran, pamilihan, diyaryo, balitang pambrodkas, programa sa TV, at iba pa. Ngunit hindi pa rin napapalitan ng Filipino ang Ingles bilang salitang ginagamit sa kolehiyo, sa mga komunikasyon sa gobyerno, at sa mga pagsusulit para sa lisensya ng mga propesyunal.

3. Ang isyu ng paggamit ng Filipino bilang siyang tanging salitang panturo sa halip na Ingles ay siyang paksa ng walang-katapusang debate. Ang mga tinatawag na nasyonalista at makabayan ay nagsasabing magkakaroon ng pambansang pagkakaisa at pagpapahalaga kung ang Filipino ang tanging gagamiting salita sa buong bansa. Ayon sa kanila nakamtan ng mga bansang Hapon, Hilagang Korea, Tsina, at iba pa ang kaunlarang pang-ekonomiya kahit na hindi sila gumamit ng salitang Ingles.

   Ngunit ang mga bansang ito ay gustung-gustong matuto sa ngayon ng salitang Ingles. Sa tingin nila ang Ingles ang siyang kasangkapan ngayon para sa tinatawag na panahon ng impormasyon o *age of information.* Ang mga pagsulong o pag-unlad sa agham at teknolohiya ay nasusulat sa Ingles. Kaya kung gusto mong makakumpitensya ang mga ibang negosyo sa buong mundo, kailangang matuto ka ng Ingles. Maliban dito, ang pagiging bihasa sa salitang Ingles ay siyang dahilan kung bakit gustung-gusto ng mga dayuhang negosyante ang mga manggagawang Pilipino. Ito rin ang panlaban ng ating mga kababayan na nagtatrabaho sa ibayong-dagat o mga Overseas Foreign Workers (OFW) sa mga taga-ibang bansa.



## Basahin Natin Ito

Ang patakarang bilingguwal sa edukasyon ng DECS ay unang isinakatuparan noong 1974. Iprinoklama uli ito bilang pagtupad sa Saligang-Batas noong 1987.

Napapaloob sa patakarang bilingguwal ang paggamit ng Ingles at Filipino bilang salitang panturo sa mga paaralan sa buong bansa.



## Pag-isipan Natin Ito


Ano ang ipinapahiwatig ng patakarang bilinggwal sa edukasyon ng DECS kung ang pag-uusapan ay ang kalagayan ng salitang Ingles sa Pilipinas?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Ipinapahiwatig ng patakarang bilinggwal na ang Ingles ay kinikilala pa rin bilang isang kapaki-pakinabang at mahalagang paraan ng komunikasyon sa ating bansa.



## Alamin Natin


Kahit na mayroon ng opisyal na wikang pambansa, ang Filipino, gamit na gamit pa rin sa buong bansa sa ngayon ang Ingles. Alam mo ba kung bakit?

Ito ay dahilan sa ang Ingles ay siyang ating unang pambansang wika. Ginamit na ito ng mga Pilipino ng maraming taon at nag-ugat na ito sa ating kultura at kamalayan. Ginagamit ito sa medya, katulad ng telebisyon, dyaryo, at radyo. Ginagamit din ito sa mga libangan. Ginagamit din ang Ingles sa mga opisyal na gawain o pagtitipon katulad ng sa mga korte, sa Senado, sa mga opisinang pampamahalaan, at mga transaksyon sa negosyo. Ito rin ang salita sa agham, matematika, at teknolohiya.

Ang Ingles ay wikang internasyonal at hindi natin maikakaila ang kahalagahan nito. Hindi natin magagamit ang Tagalog, Filipino, o alin pa man sa ating mga diyalekto sa pakikipag-usap sa mga tao mula sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ang Ingles ang salitang naiintindihan sa maraming bansa sa buong mundo. Nagkakaintindihan ang lahat ng tao mula sa iba't ibang bahagi ng mundo dahil dito.

Dagdag pa rito, lalong dumarami ang bilang ng mga Pilipinong nagpupunta sa ibayong-dagat upang doon magtrabaho. Nagtatrabaho sila roon bilang mga piyon, katulong, mang-aawit o mananayaw, o mga propesyunal na manggagawa. Nakatutulong sila sa pagpapalago ng pambansang kita ng Pilipinas. Paano silang mabubuhay sa ibang bansa kung hindi sila marunong mag-Ingles?

Marami pang mga pagkakataon na mahalaga ang kaalaman sa salitang Ingles. Isang halimbawa ay kapag gumagamit ka ng kompyuter upang makakuha ng impormasyon sa Internet.



Alam mo bang Ingles ang ginagamit sa 80 porsyento ng mga website sa kompyuter na nasa Internet? Unti-unti nang lumalakas ang gamit ng Internet sa pandaigdig na kalakalan at ugnayan. Ito ngayon ang pinakamagaling na mina ng mga impormasyon na nabubuksan ng mga tao sa buong mundo. Malaking kawalan siguro kung hindi magamit ng mga Pilipino ito dahil hindi nila maintindihan ang Ingles.

Hindi rin natin masusundan ang mga pagsulong sa agham at teknolohiya kung hindi tayo marunong ng Ingles. Karamihan sa mga pagsasaliksik at balita sa ganitong mga bagay ay nasusulat sa Ingles.

Ngayon at mayroon na tayong wikang pambansa, dapat ba nating kalimutan na nang tuluyan ang Ingles?

Kung aalisin mo ang Ingles, malaki ang mawawala sa ating kultura. Para mo na ring hinila ang binti ng ating pambansang pagkakakilanlan. Bahagi ng ating nakalipas, kultura, at pagkakakilanlan bilang Pilipino ang Ingles. Dagdag pa rito, ang Ingles ang wikang internasyonal. Ito ang susi na magbubukas ng pintuan para sa internasyonal na ugnayan at pulitikal na kaunlaran. Bakit natin isasawalambahala ito?


Gayunpaman, kailangang isaalang-alang na ang Filipino ang siya pa ring ating wikang pambansa. Parehong mahalaga ang Ingles at Filipino para sa atin. Dapat nating matutunan ang pagsasalita ng at pahalagahan ang mga ito.

Sa ngayon, ang Ingles ay isang makapangyarihang wika sa lupain. Kailangang matuto ka nito kung gusto mong umunlad sa trabaho at sa iyong buhay. Halimbawa, kapag naga-aplay sa trabaho, madadagdagan ang iyong puntos kung matatas kang magsalita ng Ingles.



## Subukan Natin Ito

Tingnan ang sumusunod na larawan.



## Pag-isipan Natin Ito

1. Ano ang ipinapakita ng larawan?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

2. Sa tingin mo ba nakabubuti sa atin at sa ating bansa ang ipinapakita ng larawan? Bakit o bakit hindi?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________


Ihambing ang iyong mga sagot sa ibaba.

1. Ipinapakita ng larawan na itinutulak ng Ingles at Filipino ang bidang karakter na may nakasulat na diyalekto sa kanyang dibdib. Kinakatawan nito ang maraming lokal na diyalekto sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Ibig sabihin nito dahil sa pagpapahalaga natin sa Ingles at Filipino, naisasantabi na natin o nakakalimutan ang ating mga lokal na diyalekto.

2. Hindi maganda ang ipinapakita ng larawan. Mahalaga ang ating mga diyalekto katulad ng Ingles at Filipino. Mayroon silang sariling gawain at tungkulin. Dapat silang pahalagahan katulad ng pagpapahalaga sa dalawang wika.

## Basahin Natin Ito


Naaalala mo pa ba si Nena? Nakilala mo siya sa Aralin 1. Siya ang babaeng nakatira sa bahay-pangaserahan kasama ang maraming babae mula sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas.





## Subukan Natin Ito

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Ang mga tao sa larawan ay nagsasabi ng “Mahal kita” sa iba’t ibang salita at diyalektong ginagamit sa ating bansa.




**Ilocano**




**Pangasinan**





**Cebuano**




**Pampango**




**Hiligaynon**





**Maranao**




**Tausog**





**Maguindanao**




**Tagalog**

Sindami ng mga paraan ng pagpapahayag ng pag-ibig ang magagandang paraan ng pagpapahayag ng mga Pilipino ng kanilang damdamin sa pamamagitan ng kanilang mga lokal na diyalekto. Nakita mo ba ang iyong diyalekto sa mga halimbawa sa itaas? Ang paggamit ng iyong diyalekto ay nagpapakita ng iyong pagmamalaki sa iyong pinanggalingan at sa iyong pamanang Pilipino.



## Alamin Natin


Ang Pilipinas ay binubuo ng iba’t ibang pangkat ng mga tao na may magaganda ngunit iba’t ibang kultura. Ang ating mga diyalekto ay kumakatawan sa iba’t ibang kulturang ito. Kung isasawalambahala na natin ang mga diyalektong ito, para na rin nating tinatalikuran ang ating pagkakakilanlang pangkultura at pamana.

Maaaring ang pagkatuto ng paggamit ng Ingles at Filipino ang siyang susi para sa pambansang kaunlaran, ngunit ang pagpreserba ng ating mga diyalekto ang siyang susi sa pagpreserba sa pamana ng ating lahi. Kasama rito ang mga katutubong awit at sayaw, alamat, paniniwala, tradisyon, at iba pa. Kailangang gawin natin ang ating makakaya para mapreserba ang ating mga namana sa pamamagitan ng pagsasalin sa mga ito sa Filipino, gayundin sa pagpapalaganap sa mga ito sa iba’t ibang bahagi ng bansa.

Ang mga salitang rehiyonal at mga diyalektong probinsiyal ay mahalaga dahil ang mga ito ang *lingua franca* sa labas ng Metro Manila. Ito ang iyong ginagamit na salita sa bahay kung nakatira ka sa probinsya. Ito ang salitang pamilyar sa iyo at siyang madali at mas komportableng gamitin sa araw-araw. Dahil dito, malamang na higit na naipapahayag mo ang iyong sarili sa salitang ito.

Ipagmalaki mo ang iyong diyalekto. Ito ang sagisag ng iyong pinagmulang kultural at tradisyunal. Huwag kang mahiyang gamitin ito sa publiko. Pero huwag mo ring ipagyabang ito at sabihing mas nakakababa ang mga taong nagsasalita ng ibang diyalekto. Tayo ay naninirahan sa isang bansa kung saan iba-iba ang kultura. Bawat isang diyalekto at kultura ay mahalaga at maganda, kahit naiiba.

## Subukan Natin Ito




Ganito dapat sa larawan ang katayuan ng ating mga diyalekto at ng mga salitang Ingles at Filipino. Hindi dapat ituring na mas magaling ang isa kaysa sa isa. Importante ang lahat at kung hahayaan lang silang gumawa nang sama-sama, makatutulong sila sa pag-unlad ng ating buhay at ng ating bansa.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Punan ang mga patlang ng mga salita o parirala na bubuo sa mga sumusunod na pangungusap.

1. Nakapaloob sa patakarang bilinggwal sa edukasyon ng DECS ang ______________________________________________

2. Sa Pilipinas, ang Ingles ay ginagamit sa ___________________________ ______________________________________________

3. Mahalaga ang Ingles sa mga OFW dahil ___________________________ ______________________________________________

4. Mahalaga ang aking lokal na diyalekto dahil _______________________ ______________________________________________

5. Ang Filipino, Ingles, at ang mga lokal na diyalekto ay ______________. Ang lahat ng ito ay nakatutulong upang magkaroon tayo ng matatag, mapayapa, at maunlad na bansa.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 57. Kung nakakuha ng 3 o mas marami pang sagot, mabuti. Natapos mo nang matagumpay ang aralin sa modyul na ito. Maaari mo nang sagutin ang pagsusulit sa katapusan ng modyul na ito.

Kung nakakuha ka ng 1 o 2 o wala, balikan mo lamang ang mga bahagi ng aralin na hindi mo naintindihan at saka sagutin ang pagsusulit sa dulo ng modyul na ito.



## Tandaan Natin

Mahalagang matandaan mo na kahit na dapat mong matutuhan, gamitin, at kilalanin o pahalagahan ang ating wikang pambansa, kailangang ganito rin ang iyong gawin sa Ingles at sa iba pang mga salita at diyalekto na ginagamit sa bansa ngayon. Ang lahat ng ito ay pare-parehong mahalaga at may sariling tungkulin upang mapaunlad ang ating buhay at ang ating bansa.



## Ibuod Natin

- Mahalaga ang wikang pambansa sa isang malayang bansa. Pinauunlad nito ang pagkakaunawaan at pagkilalang kultural at transnasyonal ng mga mamamayan ng isang bansa. Pinatitibay rin nito ang pambansang pagkakaisa at pagkakakilanlan. Ito ay importanteng elemento para sa pag-unlad na pulitikal, ekonomikal, at sosyal ng isang bansa.
- Ang Filipino ang siyang wikang pambansa ng Pilipinas. Ito ang nagsisilbing tali na nag-uugnay sa mga Pilipino mula sa iba’t ibang bahagi ng mundo sa kanilang pinanggalingan.
- Kailangang matutunan ng lahat ng Pilipino ang salitang ito. Dapat ay madali itong matututunan sa lahat ng dako ng bansa.
- Singhalaga ng wikang pambansa ang Ingles at iba pang salita at diyalektong ginagamit sa bansa. Ang mga ito ay dapat na pinag-aaralan din, pinipreserba, at kinikilala.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

A. Ayon sa ating tinalakay sa modyul na ito, paano mong isasalarawan ang wikang Filipino?

B. Ilista ang limang benepisyo ng wikang pambansa sa isang bansa at sa mga mamamayan nito.

C. Isulat ang **T** sa patlang kung ang pangungusap ay totoo. Palitan ang sinalungguhitang salita kung ito ay di-totoo.

_______________ 1. Sa ngayon, ang Ingles ay isa sa mga opisyal na salita sa bansa.

_______________ 2. Nakapaloob sa patakarang bilinggwal sa edukasyon ng DECS ang paggamit ng Ingles at isa sa mga lokal na diyalekto bilang salitang panturo.

_______________ 3. Ang Filipino ay nakabatay sa Tagalog dahil ito ang diyalektong ginagamit sa Maynila, ang kabisera ng bansa.

_______________ 4. Ang lahat ng Filipino ay dapat na gumamit ng Filipino sa lahat ng pagkakataon.

_______________ 5. Itinataguyod ng wikang pambansa ang kaunlarang pang-ekonomiya, pulitikal, at kultural.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 57–58.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–3)*

A. 1. **T**

2. **T**

3. **M**—Ang Filipino ay nakabatay sa Tagalog pero iba ito sa Tagalog dahil naglalaman ito ng mga salitang hiram sa mga dayuhan at lokal na salita, katulad ng Ingles.

4. **M**—Mahalaga ang wikang pambansa pero gayundin ang ating mga lokal na diyalekto. Kinakatawan ng mga ito ang pagkakaiba ng ating kultura at ang ating pamanang kultural.

5. **M**—Singhalaga ng wikang pambansa ang Ingles. Ito ang internasyonal na wika at ang pangalawang opisyal na salita sa ating bansa.

B. 1. **(a).** Pinagtibay ang Tagalog bilang siyang batayan ng ating wikang pambansa dahil ito ang salitang ginagamit sa Maynila, ang kabisera ng bansa. Ang (b) ay mali dahil ang mga hukom sa Asembliya na nagdesisyon sa wikang pambansa ay nagmula sa iba't ibang rehiyon sa Pilipinas. Ang (d) ay mali dahil kahit ginagamit ni Presidente Quezon ang Tagalog, ang desisyon para piliin ang Tagalog ay hindi nanggaling sa kanya kundi sa mga hukom.

2. **(b).** Mas mabuting gamitin ang Filipino o Ingles ayon sa pangangailangan. Ang paggamit ng Filipino lamang ay (a) magiging sagabal sa pakikipagkumpitensiya natin sa pandaigdigang kalakalan. Ang paggamit ng Ingles lamang (c) ay isang balakid sa pag-unlad ng ating pagkakakilanlang kultural. Ang di paggamit ng Filipino o Ingles (d) ay hindi uubra dahil mas kilala ng maraming Pilipino ang Filipino at Ingles kaysa sa iba pang salita sa Pilipinas.

3. **(c).** Dahil sa kanyang determinasyon na magkaroon ng wikang pambansa, si Manuel L. Quezon ay itinuturing na Ama ng Wikang Pambansa.

4. **(d).** Mahalaga ang magkaroon ng wikang pambansa dahil itinataguyod nito ang pagkatuto sa pamamagitan ng interaksiyon ng guro at mag-aaral, ang pagpapalitan ng impormasyon at ideya, at ang interaksiyon ng mga tao sa isa't isa.

5. **(c).** Singhalaga ng Ingles at Filipino ang iyong diyalekto.

## B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pp. 7–8)*

1.

| Pangalan ng Babae | Probinsiya | Salita |
|---|---|---|
| 1. Nena | Butuan | Cebuano |
| 2. Minda | Batangas | Tagalog |
| 3. Amy | Ilocos Sur | Ilocano |
| 4. Lila | Bicol | Bicolano |
| 5. Karina | Marawi | Maranao |
| 6. Leslie | Samar | Waray |
| 7. Ana | Pampanga | Pampango |

2. Nagkakaintindihan at magkakaibigan ang mga babae sa bahay-pangaserahan dahil alam nilang gamitin ang wikang pambansa, ang Filipino.

3. Katulad ng mga babae sa bahay-pangaserahan, ang lahat ng Pilipino sa iba't ibang rehiyon na may iba't ibang kultura ay maaaring mamuhay nang mapayapa at masaya kung naiintindihan nila ang isa't isa sa pamamagitan ng isang wikang pambansa.

*Subukan Natin Ito (pp. 10–11)*

1. personal na komunikasyon
2. edukasyon
3. pagpapalitan ng impormasyon
4. paggawa nang sama-sama

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 17–18)*

1. diyalekto
2. walong
3. identidad o pagkakakilanlan
4. sosyal, pulitikal
5. matutong magsalita

## C. Aralin 2

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 27–28)*

1. **Di-wasto.** Ang pahayag ay dapat: Bago pa man dumating ang mga Kastila, ang ating mga ninuno ay gumagamit na ng iba't ibang mga wika.

2. **wala sa pagpipilian.** Ang unang wikang pambansa ng Pilipinas ay Ingles.

3. **pareho ng sagot ng nasa itaas.**
4. **1987**
5. **Di-wasto.** Ginawang opisyal na pambansang wika ang Pilipino noong 1987. Hindi pa ito binuo noon. Mangyari, ito ay nasa proseso pa ng pagbuo o pag-unlad hanggang sa panahon ngayon.

## D. Aralin 3

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 39)*

A. (4 na puntos bawat isa)

1. Ang Tagalog ay isang lokal na salitang ginagamit sa Maynila at sa Gitna at Gitnang Katimugang Luzon, sa mga pulo ng Marinduque at Mindoro, at sa ibang bahagi ng Mindanao. Ang Filipino ay siyang wikang pambansa ng Pilipinas. Ito ay base sa Tagalog pero naglalaman ng maraming salitang hiram sa ibang salita, katulad ng Ingles.
2. Ang Filipino ay nauukol na maging isang magandang kombinasyon ng iba't ibang salita, konsepto, at tono mula sa maraming salitang ginagamit sa Pilipinas. Ngunit sa ngayon ito ay nasa proseso pa lamang ng pag-unlad at naglalaman lamang ng kakaunting salitang hiram sa mga lokal na salita. Nakabase pa rin ito sa Tagalog at maraming salitang hiram sa mga dayuhang salita katulad ng Ingles.

B. (2 puntos bawat isa)

1. transaksiyon sa negosyo

   Hal. Kapag gustong makipagkalakalan ng isang magpuprutas na Cebuano sa isang tindero sa Maynila, kailangang iisang salita ang kanilang ginagamit.
2. edukasyon

   Hal. Ang Filipino ay itinuturo sa maraming paaralan sa bansa at maraming asignatura ang itinuturo sa wikang ito.
3. serbisyo

   Hal. Dapat na naiintindihan ng isang Kapampangang tubero ang gustong ipagawa ng kanyang Cebuanong kostumer upang malaman ng una ang dapat gawin.
4. panitikan at pelikula

   Hal. Maraming magagandang pelikula ang ginawa na ang salitang ginagamit ay Filipino, katulad ng Muro-ami at Jose Rizal.

5. impormasyon

   Hal. Maraming istasyon ng telebisyon at radyo at maraming diyaryo ang nagbabalita na gamit ang Filipino.

6. personal na komunikasyon

   Hal. Ang mga Pilipino mula sa iba't ibang pangkat ay nagkakausap at nagiging magkakaibigan sa pamamagitan ng iisang wika.

## E. Aralin 4

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 51–52)*

Ang mga sagot sa bilang 3 at 4 ay mga halimbawang sagot lamang. Maaaring maiba nang kaunti ang iyong mga sagot. Maaari mong ipakita sa iyong guro ang iyong mga sagot para sa karagdarang impormasyon.

1. ang paggamit ng Ingles at Filipino bilang salitang panturo sa mga paaralan sa buong bansa
2. medya; libangan o pelikula; opisyal na gawain o programa; sa korte, sa Senado; sa mga opisina ng pamahalaan; sa mga transaksyon sa negosyo; sa matematika, agham, at teknolohiya; sa pakikipag-usap sa mga dayuhan; sa paggamit ng Internet; at sa iba pang bahagi ng buhay sa Pilipinas
3. sa pamamagitan nito nakapagtatrabaho sila sa ibayong-dagat at namumuhay nang mapayapa sa piling ng mga tao mula sa iba't ibang bahagi ng mundo
4. kinakatawan nito ang aking pamanang kultural at ito ay repleksyon ng pagkakaiba ng mga kultura sa Pilipinas na siyang nagbibigay-ganda rito
5. parehong mahalaga

## F. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pahina 53)*

Ang mga sagot sa A at B ay mga halimbawang sagot lamang. Maaaring maiba ang iyong mga sagot. Maaari mong ipakita sa iyong guro ang iyong mga sagot para sa karagdarang impormasyon.

A. Ang Filipino ay nauukol na maging isang magandang kombinasyon ng iba't ibang salita, konsepto, at tono mula sa maraming salitang ginagamit sa Pilipinas. Ngunit sa ngayon ito ay nasa proseso pa lamang ng pag-unlad at naglalaman lamang ng kakaunting salitang hiram sa mga lokal na salita. Nakabase pa rin ito sa Tagalog at maraming salitang hiram sa mga dayuhang salita katulad ng Ingles.

B. Ang isang wikang pambansa ay nakatutulong sa:

1. pagkakaroon ng kalakasan at katatagang pulitikal ng isang bansa;
2. pag-unlad ng ekonomiya ng bansa;
3. pagtataguyod sa pagkakaintindihan at pagkilala sa bawat isa ng mga mamamayan ng isang bansa;
4. pag-uugnay sa mga mamamayan ng isang bansa saan man sila naroroon sa mundo bilang sagisag ng pagkilala sa kanilang identidad o pagkakakilanlan; at
5. pagbubuo ng pagkakaibigan at komunikasyon sa mga mamamayang may iba't ibang salita sa isang bansa

C. 
1. **Tama.** Sa ngayon, ang Ingles ay isa sa ga opisyal na salitang ginagamit sa ating bansa. Ayon sa ating Saligang-Batas ang Ingles at Filipino ay siyang gagamiting salitang pampagtuturo sa ating bansa.
2. **Mali.** Nakapaloob sa patakarang bilinggwal sa edukasyon ng DECS ang paggamit sa Ingles at Filipino bilang mga salitang panturo.
3. **Tama.** Isa sa mga dahilan kung bakit pinili ang Tagalog bilang batayan ng ating wikang pambansa ay dahilan sa ito ang ginagamit na salita sa Maynila na siyang kabisera ng Pilipinas.
4. **Mali.** Dapat na gamitin ng mga Pilipino ang Filipino kasabay ng Ingles at iba pang katutubong salita.
5. **Tama.** Ang pambansang wika ay nagtataguyod sa kaunlarang pang-ekonomiya, pulitikal, sosyal, at kultural.

## Talahuluganan

**Bilinggwal** Dalawang salita

**Pamanang kultural** Kasama rito ang mga alamat, awit at sayaw, laro at isports, tradisyon, paniniwala, at paraan ng pamumuhay na naipasa mula sa isang henerasyon hanggang sa mga sumusunod na henerasyon

**Patakarang bilinggwal ng DECS** Ang paggamit ng Ingles at Pilipino bilang salitang panturo sa mga paaralan

**Diyalekto** Ibang paraan ng paggamit ng isang salita

**Filipino** Opisyal na wikang pambansa ng Pilipinas ayon sa Saligang-Batas ng 1987

**Wika** Sistema ng komunikasyon na ginagamit ng malaking bilang ng mga tao

**Lingua franca** Isang salitang ginagamit ng lahat na napili mula sa iba't ibang salita o diyalekto

**Paraan ng komunikasyon** Wikang ginagamit sa pagpapalitan ng impormasyon, ideya, o damdamin

**Salitang panturo** Wikang ginagamit sa pagbibigay ng mga direksyon o pamamaraan

**Pambansang pagkakilanlan o identidad** Pagiging kabilang sa isang pangkat ng mga tao o bansa

**Pilipino** Ang orihinal na pangalan ng ating wikang pambansa

**Pulitika** Ang agham at sining ng pamamahala

**Palaganapin** Ikalat o paramihin

**Tagalog** Ang salitang ginagamit sa Maynila, sa Gitna at Gitnang Timog Luzon, sa mga pulo ng Marinduque at Mindoro, at sa ibang bahagi ng Mindanao

## Mga Sanggunian


Cruz, Andres C. 2000. "Language ang Culture." National Commission for Culture and the Arts. <http://www.ncca.gov.ph/phil.culture/other cultural info/language/language lang—&culture htm> Hunyo 19, 2001, petsa ng pagsaliksik.

Garapal. 1998. "Pilipino: The National Language (a historical sketch)." <http://www.geocities.com/Athens/Academy/3727/tagalog 2.htm> .Hunyo 20, 2001.

Hidalgo, Cesar A. "Return to English." *Philippines Free Press*, Hunyo 12, 1993.

Maminta, Rosario E. "Filipino or Tagalog with a New Label." *Sunday Inquirer Magazine*, Agosto 7, 1994.

Ople, Blas F. "The National Language from Quezon to Estrada." *Philippine Panorama,* Agosto 9, 1998.

Pacis, Vicente Albano. "Constitutional Sabotage." *Philippines Free Press,* Hunyo 5, 1993.

Rubrico, Jessie Grace U. 1998. *The metamosphosis of Filipino as national language*. http://www.niu.edu/Tagalog/essays on philippine language.htm. Oktubre 24, 200, petsa ng pagsaliksik.

Ymzon, Christina. "Filipino Languages." http://www.asd.k.12.ak.us/ Schools/West/Countries/Philippines/Languages.html Hunyo 20, 2001, petsa ng pagsaliksik.